May 2, 2023　　どたこうばん　　回覧



# DOTA KOBAN



Issue:
Kani Police Station
Dota Precint
0574-26-0591
Kani Police Station 検索

## Spring National Traffic Safety Program

Araw ng Pagpapatupad: mula May 11 hanggang May 20, 2023

### PINAPA-IGTING NG PROGRAMANG ITO ANG:



- Kaligtasan ng mga bata habang naglalakad sa kalsada
- Pag-iwas sa mga aksidente ng mga pedestrian at pagpapalawak ng kamalayan at kaalaman sa ligtas na pagmamaneho
- Pagsiguro ng pagsusuot ng helmet tuwing gagamit ng bisekleta at pagsiguro sa pagsunod sa batas trapiko




Sa mga nakaraang taon, ang Spring National Traffic Program ay ipinatutupad tuwing Abril, ngunit sa taong ito ay ipapatupad sa buwan ng Mayo.

Ang spring season ay ang panahon ng pasukan sa eskwela, simula ng pagtatrabaho ng mga fresh graduates at iba. Dahil dito, ang mga pedestrian ay nagkakaroon ng mga bagong ruta o kaya ay kinakailangang dumaadan sa mga hindi kabisadong mga lugar. Ito rin ang panahon kung saan dumarami ang mga bagong driver na kakakuha lamang ng kanilang lisensya.

Driver man, pedestrian man, ang lahat ay dapat sumunod sa mga batas trapiko. Tayo ay magtulungan, kasama ng kumunidad upang mabawasan, kung hindi man lubusang masugpo ang mga aksidente sa kalsada.

### Magsuot ng helmet sa tuwing gagamit ng bisikleta

Ipinatupad na simula April 1, 2023 ang batas na nagsasaad ng mahigpit na pagsusuot ng helmet sa tuwing gagamit ng bisekleta.



## MAG-INGAT SA MGA MAPANLINLANG NA TAWAG

**Halimbawa**

☆「May ayudang ibibigay」「Maaring i-process sa ATM」

☆Kakilala･Katrabaho･Kaibigan ako ng anak mo 、nagkaroon ng problema at kailangan ng pera

☆ Upang makuha ninyo ang loan, kinakailangan ng guarantee deposit money

### KAPAG NARINIG ANG MGA SALITANG ITO, MALAKI ANG POSIBILIDAD NA ITO AY ISANG SCAM




### Gumamit ng Voicemail Message Services

**Gumamit ng teleponong may voicemail messaging service. Sa pamamagitan nito, masisiguro ninyo na kilala ninyo ang taong tumatawag bago sagutin ang telepono.**

Kung sa inyong pagpunta sa Presinto ng Dota, at walang tao, iangat lamang ang telepono sa may lamesa, at ito ay automatic na kokonekta sa Kani Police Station. Hindi na kailangang mag-dial ng numero.

24 hours Police Consultation Dial　#9110